**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

# PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
# HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
# AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
**June 11, 2020 (11:03 A.M – 12:02 P.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga Pilipinas. Dahil sa COVID-19 pandemic, marami sa ating mga nakagawian ang kailangan munang iiwasan – physical distancing, pagsusuot ng face mask at ipinagbabawal na mass gathering – ito na po ang ating riyalidad.

**USEC. IGNACIO:** Mga pagbabagong ramdam hindi lang ng mga Pilipino, maging sa buong mundo. Kaya naman ngayong umaga, ating aalamin at hihimayin ang mga hakbang at konkretong solusyon ng pamahalaan sa gitna po ng pandemya.

**SEC. ANDANAR:** Mga mahahalagang impormasyon na dapat ninyong malaman kaugnay sa pagharap natin sa 'ika nga ay 'new normal' ang muli naming ihahatid kasama ang mga resource persons mula sa iba't ibang ahensiya ng ating pamahalaan.

**USEC. IGNACIO:** Ako po si Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Good morning, Rocky; ako po naman si Secretary Martin Andanar at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Upang sumagot sa mga tanong ng bayan, makakasama po natin sa programa sina NHA General Manager and BP2 Executive Director Marcelino Escalada, Jr.; Marawi Mayor Majul Gandamra; Department of Information and Communication Technology Deputy Spokesperson, Attorney Adrian Echaus; Lanao del Sur Governor Mamintal Alonto Adiong, Jr.; at Department of Human Settlements and Urban Development Secretary Eduardo del Rosario.

**USEC. IGNACIO:** Makakasama rin natin sa paghahatid ng ulat ang Philippine Broadcasting Service. Para naman sa inyong mga katanungan, maaari po kayong mag-comment sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

Samantala, kaugnay sa muling pagbubukas ng mga restaurants na nasa ilalim po ng GCQ areas, ayon kay DTI Secretary Ramon Lopez simula po sa June 15, pinapayagan na po ang gradual opening o katumbas lamang ng 30% capacity nito; 50% naman po ang operating capacity na allowed under MGCQ areas. Sa kabila nito, mahigpit nating pinapaalala na sumunod pa rin po sa health protocols na ipinatutupad ng IATF.

**SEC. ANDANAR:** Para sa pinakaunang balita, nitong Martes nilagdaan na ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang Senate Bill 1086 na ngayon ay Republic Act 11470 na naglalayong ipatayo ang National Academy of Sports. Kaugnay diyan, nagpasalamat si Senador Bong Go sa Pangulo sa pagkakalagda ng naturang bill na halos isang dekadang hinintay. Ayon sa Senador sa

ilalim ng batas na ito, mabibigyan ng pagkakataon ang mga atleta na makapag-ensayo kasabay ng pag-aaral sa isang world-class na pasilidad at eskuwelahan.

Ang National Academy of Sports ay inatasang mag-implement ng secondary education program, integrated with a special curriculum on sports upang tulungan ang mga atleta na mas mapaunlad ang kanilang husay at talento pagdating sa usapin ng sports.

**USEC. IGNACIO:** Umapela rin si Senator Bong Go sa Philippine Sports Commission na patuloy na pangalagaan ang kapakanan ng mga atleta, lalo na ang kanilang pisikal at mental na kondisyon ngayong may pandemya. Kaugnay niyan, nanawagan din ang Senador sa PSC na gawin ang lahat upang maibigay ang suportang kailangan ng mga atleta.

Siniguro naman ng Philippine Sports Commission na mabibigyan ng allowance ang mga kuwalipikadong atleta at coaches sa kabila ng 'no-training, no-allowance' policy nito. Ngunit ang allowance na matatanggap nila ay kalahati lamang hanggang sa magkaroon na po nang sapat na pondo.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, upang makibalita sa pinakabagong update kaugnay sa Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program, makakausap po natin si NHA General Manager and BP2 Executive Director Marcelino 'Jun' Escalada, Jr. Magandang araw po sa inyo, GM.

Okay, hinihintay po natin ang ating connection with GM Escalada. Napakahalaga ng pag-uusapan ngayon dahil, Rocky, ay magkakaroon ng pagpapaliwanag at differentiation nitong tinatawag na Balik Probinsiya at ito namang tinatawag na Hatid Tulong.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kasi nagkakaroon minsan ng—hindi naman minsan, nagkakaroon talaga ng pagkalito kung ano ba iyong nasa ilalim ng Balik Probinsiya at ano iyong Hatid Tulong na ginagawa naman po, karamihan galing po iyan doon sa mga—iyong mga Locally Stranded Individuals na naiwan dito sa Metro Manila na nais na pong bumalik sa kani-kanilang probinsiya. Iba naman po iyong Balik Probinsiya na mamaya po, Secretary, ipapaliwanag sa atin ni NHA General Manager Escalada.

At para naman po alamin ang proyekto at programa kaugnay sa pabahay ng ating pamahalaan para sa nangangailangan nating kababayan. Sa puntong ito makakausap din natin si Department of Human Settlements and Urban Development Secretary Eduardo del Rosario, magandang araw po, Secretary.

**SEC. DEL ROSARIO:** Good morning Usec. Rocky, Secretary Andanar.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kumusta na po kayo? Bilang Secretary of the Department of Human Settlements and Urban Development, ano na po iyong programa na naipatutupad at patuloy pong ginagawa ng inyong ahensiya, lalo na ngayon na nahaharap po tayo sa COVID-19 pandemic?

**SEC. DEL ROSARIO:** Well, gusto kong ipaalam sa ating mga kababayan na with regards to the resumption ng construction works sa mga project sites natin sa pagpapagawa ng mga bahay, umabot na sa 47,401 workers ang nagsimula nang magtrabaho, kasi ang mga developers natin,

nag-resume na ang construction. At ang ibig sabihin nito, 47,000 workers and families are now benefitting from the resumption ng construction work nationwide.

So that is just for a 10-day period starting June 1 to June 10, iyon ang nag-appraise sa atin to immediately start construction again na nabinbin for the last 3 months. So nagkaroon tayo ng employment kaagad na 47,401. So it means to say in as far as pump-priming the economy ay napakabilis ang housing sector kasi immediate ang impact nito at kung idadagdag pa natin ang impact ng housing construction sa supply chain with 80 related industries sa housing, eh makita natin na mabilis ang ating [garbled].

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, maganda po iyang—I mean, para iyan sa employment position, maganda po iyan para sa bansa. Pero ano po iyong kaugnayan ng—ano po ang role ninyo na ginagampanan, ng inyong kagawaran sa bagong proyekto naman po ng pamahalaan na Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program?

**SEC. DEL ROSARIO:** Actually dalawa iyong components na ating ginagawa dito. Nakapaloob tayo sa immediate intervention saka iyong long term intervention. The immediate intervention is being provided by the National Housing Authority na nakapaloob sa Department of Human Settlements and Urban Development. Mayroon silang inventory of available housing units nationwide na puwedeng ma-avail ng mga nagbabalik-probinsiya.

In the long term naman, once we go on sa ating mga activities, selection of sites at magkaroon na na-pinpoint tayo na isang site as economic zone, we will now craft and formulate housing units or housing project near the project sites. Parang ang concept natin dito is a township na nandiyan ang place of work, nandiyan din iyong residents ng mga workers in that area, general vicinity at nandoon na iyong mga eskuwelahan, road networks with basic facilities on water and electricity.

So it’s really a long term and short term activities that must be undertaken by all agencies concerned. Napakaganda ng Balik Probinsiya program dahil with this, maa-address na natin ang problema ng density of population in the metropolis especially in the National Capital Region at kapag nagkaroon tayo ng development in rural areas, they will now be able to prevent internal migration.

Dahil iyong mga residents sa rural areas, hindi na pupunta sa mga urban areas, mapipigil na natin iyon, kasi kaya sila nagta-transfer at nagma-migrate ay dahil sa kakulangan ng trabaho. So kung magkakaroon ng trabaho, it will spark economic activities and development in the provinces, and I think that is the very concept of the Balik Probinsiya Program, it’s a 2-pronged approach.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyan po iyong lalawak iyong mga economic activities sa buong bansa – maganda po iyan.

May katanungan tayo, Secretary, mula kay Samuel Medenilla ng Business Mirror: Mayroon na po kayang housing roadmap ang government at ano po iyong highlight ng nasabing plano?

**SEC. DEL ROSARIO:** Magandang question iyan, Ma'am Rocky. Nag-create [garbled] ng technical working group, at gagawa tayo ng 20-year housing strategy plan that will have a short-term, midterm and long-term. It's a 20-year strategic roadmap for the housing sector.

Habang tumatagal kasi tayo, iyong housing need ay tumataas din kung hindi natin magagampanan iyong dapat gawin ngayon. Pero statistic, ang housing need from 2017 to 2022 is about 6.5 million. And if nothing is done, by 2040 it will hit about 22 million housing unit requirement. So napakalaki nang magiging housing gap kapag hindi tayo gumawa ng istratehiya para mapalakas natin ang housing production at iyong major components ng National Shelter Program ay hindi natin mabigyan ng karampatang atensiyon at pag-aayos.

The National Shelter Program has three major components: Regulation, Finance and Production.

Sa Department iyon ang role namin para magkaroon tayo ng mga policies, rules and regulations that would complement our finance and production activities. Kailangan iyan complementary, hindi puwedeng magkasalungat para iyong regulatory natin ay makatulong sa finance – mababa ang interest rate; sa production based on the current rate, mapabilis natin ang production level.

At ang very key strategy na ginagawa ngayon ng department ay iyong networking natin, direct networking with the private stakeholder – our partner developers. Dahil napakaimportante ang role ng partner developers sa paggawa ng mga bahay nationwide. Mas malaki ang kanilang kapasidad, mas malaki ang kanilang resources para mapabilis natin at magampanan iyong housing requirement ng buong bansa.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Ed, with your 6.5 million housing units na itinatayo ngayon, gaano po kalaki ang magiging epekto nito sa ating ekonomiya lalo na't tayo ngayon ay nasa period ng pagbangon mula sa krisis?

**SEC. DEL ROSARIO:** Sec. Mart, actually the 6.5 million, ang target ng ating gobyerno is to have 250,000 housing units to be constructed every year. Before, ang national average natin na construction is about 172 units yearly. So, starting 2016 hanggang 2019, nai-scale up natin at nag-a-average tayo ngayon ng two hundred three to two hundred five thousand housing units a year. So malaki ang impact nito because of the economic trigger of housing construction.

Would you believe in just … in the construction of housing unit in one house, it triggers 80 other related industries. So ibig sabihin, sa supply chain natin, because of the requirement of just one house, maaapektuhan natin ang 80 related industries because nandiyan ang cement, andiyan ang steel, electricity, tiles and so forth. So lahat, ang supply chain, gagalaw lahat iyan.

Kapag mas marami ang ginagawang bahay, ang supply chain ay mas magiging bibo at lalakas and it will trigger more economic activities, more resources for government, and more resource for the people; at magagampanan natin iyong ating inherent social responsibility of helping/assisting especially the poorest of the poor na magkaroon ng opportunity to have safe, adequate and affordable housing units.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, bibigyang daan ko lang po iyong tanong ng ating kasamahan na si Tuesday Niu sa DZBB. Bukas na po daw ba ang mga offices ng Pag-IBIG para tumanggap ng payment for voluntary contribution at paano daw po makakapagbayad?

At ang second question naman po ng marami: Kumusta na raw po ang rehabilitation ng Marawi pagkatapos po noong nangyari doon?

**SEC. DEL ROSARIO:** Okay. On the first question kung bukas na ang PAG-Ibig – yes, we are now operating at 75% capacity. Puwede na ang personal transaction in our branches, but we encourage online transactions. Alam mo, sa panahon ngayon, we encourage iyong online transactions but we are now physically manning our offices, not only PAG-Ibig but all the agencies under the department. And in fact, as early as April nagwo-work na kami almost daily in our offices. Continued ang business at they are operating, they are receiving loan take outs whether it's housing or short-term loan.

So, with regard to the rehabilitation of Marawi City, I have a video conference last Wednesday at ang nakaharap ko dito ay ang lahat ng implementing agencies at pati si Mayor Majul Gandamra ng Marawi City. And I asked them regarding our timeline of December 2021. And I was assured by all implementing agencies that we are on the right tracks still 'no despite itong nangyaring three months na hindi tayo nakapagtrabaho masyado. Continuous ang trabaho sa Marawi City kahit during the COVID contrary sa mga batikos na tayo ay tumigil din nang pagtrabaho sa Marawi City at paggawa ng mga construction work.

I was informed by Mayor Gandamra and Asec. Felix Castro is on the ground in Marawi City, bumagal lang, humina lang ang capacity dahil iyong ibang laborers ay hindi na makabalik at makapasok. Iyong supply of materials nandoon iyong inventory before the lockdown ay hindi na makapasok dahil nagkaroon ng lockdown. Pero kahit minimal force, itinuloy unti-unti ang pagtatrabaho.

And I was assured by Mayor Gandamra last Wednesday that full blast ang ating gagawing construction activities starting ngayong July kasi na-release na ng mahal na Pangulo ang pondo na 3.6 billion last month. At ngayon ay nagmo-mobilize na para magamit itong 3.6 billion to provide our contractors the capability to start construction.

They are now mobilizing, and I was assured by Mayor Gandamra and the implementing agencies that construction will start full blast by July of the year. So we are very confident that the Marawi rehabilitation will be completed by December of 2021.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Magandang balita po iyan para sa ating mga kababayan sa Marawi City. Maraming salamat po sa inyong oras, Department of Human Settlements and Urban Development Secretary Eduardo Del Rosario.

**SEC. DEL ROSARIO:** Salamat, Ma'am Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, upang makibalita para sa pinakabagong update kaugnay sa Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program, makakausap natin ngayon si NHA General Manager Executive Director Marcelino "Jun" Escalada, Jr. Magandang umaga po muli sa inyo, sir.

**GM ESCALADA:** Magandang umaga naman, Secretary Martin, as well as Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** GM, mayroon po kayong mahahalagang anunsiyo kaugnay po sa Hatid Tulong Programa. Ano po ba ito?

**GM ESCALADA:** Tama iyon, Secretary Martin. Gusto naming linawin sa lahat ng ating mga kababayan, as well as sa ating mga beneficiaries under the Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa. Kasi pursuant to EO 114, ang Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa is a long-term intervention for our people here in Metro Manila, na gusto nang bumalik or uuwi sa probinsiya for good.

So mayroon tayong mga packages, both individual as well as family, Secretary Martin na talagang gusto nang umuwi sa probinsiya for good. So, in the meantime, sabi natin that since mayroon tayong mga stranded na mga OFWs, stranded workers, stranded tourist and stranded estudyante, ang tawag natin dito is 'Hatid Tulong'. Meaning to say, these are all people in Metro Manila na temporary lang sila nandito po, because there is the absence of transportation system – walang eroplano, walang barko, walang bus – therefore, na-strand sila dito sa Maynila.

And government naman as a matter of our responsibility to the people, sabi natin, rather than magutom sila dito sa Maynila, walang pagkain at saka walang hotel, sobrang mahal. So, the government made an initiative which we call 'Hatid Tulong', this is pure and simple assistance lang, Secretary Martin sa lahat ng mga stranded persons in Metro Manila. Iba ito sa Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa, because the BP2 is a long term intervention for the people and that is practically developing the countryside pagbalik nila sa probinsiya nila. Whereas, ang Hatid Tulong, this is pure and simple assistance that in the meantime na walang transportation system that is available right now.

**SEC. ANDANAR:** Nabanggit po ninyo kanina GM Jun sa ating interview doon sa Network Briefing News na mayroong pansamantalang suspension itong Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program. Can you expound on this again para po sa kapakanan ng ating mga kababayan.

**GM ESCALADA:** That is true, Secretary Martin. As a matter of strategy, as the Executive Director ng ating BP2 Council sabi ko sa ating council na these are all already in one basket. So, nandito ngayon sa Metro Manila lahat: The Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa; residents of Metro Manila nandito sa Maynila; the OFWs that have landed several days ago nandito sa Maynila; the students that have been stranded nasa Maynila; iyong construction worker nasa Maynila. So sabi namin, well as a matter of urgency and importance, mas malaki ang importansiya for the 'Hatid Tulong' kasi ito iyong mga tao na walang bahay at saka walang enough capacity to finance their stay here in Metro Manila.

Whereas, sa Balik Probinsiya may sariling bahay, either rented houses or owned houses dito sa Maynila. So, since nag-mixed up na ang ating population, I decided as a matter of strategy na i-suspend muna ang ating roll outs for the Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa to give way, unahin

natin – kasi this was a very clear instruction from the President – unahin, pauwiin na ang ating mga kababayan na stranded dito sa Maynila and these are the OFWs, the constructions workers, ating mga turista and estudyante. So, that is the arrangement right now, Secretary Martin.

But then again, pagdating ng panahon na tapos na itong mga problema ng stranded and at the same time mayroon nang available transportation they can go back to Provinces by themselves, the Balik Probinsiya will now take the second phase already in the succeeding rollouts and simultaneous rollouts to all of the provinces of their choice.

**SEC. ANDANAR:** Kaugnay diyan nakahanda na ba ang mga iba't ibang probinsiya sa pagdagsa ng ating mga kababayan dahil po dito sa ating programa na Hatid Tulong? Ano po ba ang ginagawa nating koordinasyon with Department of Transportation at ganoon na rin po ng Department of Health, dahil kapag nagdagsaan po, understandably eh kailangan ng transportasyon. Number two kailangan po ng maraming rapid testing kits?

**GM ESCALADA:** Tama iyon, Secretary Martin, in so far as the Balik Probinsiya, we are ready. Those rules that are already in place right now are duly complied with in pursuant with the IATF guidelines as well as the DILG guidelines. Itong Hatid Tulong natin Secretary Martin is also a very careful assistance na talagang we also adhere to the health protocols. In short, mayroong medical certification din iyan, may mga authority as well as rapid test.

To highlight the generosity of Secretary Galvez, Secretary Martin, he gave us the Balik Probinsiya and the Hatid Tulong considerable number of rapid test kits antibody na talagang to give confidence to our mayors and governors that indeed, before the dispatch, before the departure, all of these test and all of these clearances are duly complied with by our beneficiaries, both the Balik Probinsiya and now, our Hatid Tulong sa ating mga stranded OFWs, estudyante and turista.

**USEC. IGNACIO:** Sir, mayroon lang po tayong pahabol na tanong mula po kay Leila ng Inquirer. Ang tanong po niya hanggang kailan daw po exactly suspended ang Balik Probinsiya, may time frame po ba ito?

**GM ESCALADA:** Tama, Undersecretary Rocky, I am projecting that when the clouds are open, let say for example kung tapos na ang ating GCQ and there are already transportation available right now, itong si Hatid Tulong initiatives natin will simply die down na gradually, hindi na siya kailangan ng ating mga kababayan. Kasi these are person with tickets already, with bus tickets as well as iyong mga ating mga fast craft.

The Balik Probinsiya will now come in. so, I am dependent upon, Usec. Rocky, sa declaration ng ating DOTr, declaration ng ating CAAP, declaration ng ating IATF as to when finally they will open our transportation system.

But I foresee that in the next month, let say for example July, I think mababa na ang demand ng stranded and therefore si Balik Probinsiya will now take second rollouts by that time. So that would mean 30 days or one month from now.

Isa palang requirements natin for our Balik Probinsiya is an official communication coming from our Provincial Governor and Mayors that indeed, on the other hand, ready na rin sila to accept, as the receiving LGUS of our Balik Probinsiya beneficiaries, para lang din to see that while the national government is ready on one hand, on the other hand, si Local government Units is ready to receive their own constituents.

So, that is a matter right now approved by the BP2 council that a letter of request and intent, a formal request will be filed or be submitted to the BP2 Council through the Office of the Executive Director.

**USEC. IGNACIO:** May tanong po tayo mula kay Angel Ronquillo ng DZXL-RMN. Ang tanong po niya sa inyo, ibig sabihin po ba nito, hindi na tuloy ang second batch ng Balik Probinsiya ngayon?

**GM ESCALADA:** Yeah, today we suspended kasi alam mo, Usec. Rocky, ngayon din may isang barko din na lalayag papuntang Mindanao. So, this is practically the calculation and the calibration that I am doing right now. Kasi hindi ako puwede sasabay sa more important trips. The more important trips right now are the Hatid Tulong. So, we suspended it right now and we also suspended the July 6 to CamSur and July 17 Zamboanga del Norte, simply because we want to make sure that on one hand the LGUs are ready to receive their own constituents by then.

**USEC. IGNACIO:** Ilan daw po ang napauwi under Balik Probinsiya Program so far?

**GM ESCALADA:** So, far we only had the pilot test, Usec. Rocky. There were 112 of them last May 20 of this year, 2020. And these were all bound for Candahug, Palo, Leyte. So, marami tayong napauwi, the 112 persons, I think there were 8 families in that trip na talagang we successfully brought them to the pr0vince of Leyte and our mayors of Leyte also accepted them and conducted their own test and quarantine at the level of the LGUs.

**USEC. IGNACIO:** Okay, maraming salamat po sa inyong oras, NHA General Manager and Balik 'Probinsiya, Bagong Pag-asa Program', Executive Director Marcelino Escalada Jr. Salamat po, sir.

**GM ESCALADA:** Thank you very much, Rocky. Thank you very much Secretary Martin.

**USEC. IGNACIO:** Ngayong hinaharap na nga po natin ang new normal kung saan halos lahat ay gumagamit na ng digital platforms, mahalagang malaman natin ang mga hakbang na ginagawa ng pamahalaan.

Kaugnay po niyan ay makakausap natin si Department of Information and Communications Technology deputy spokesperson Atty. Adrian Echaus.

**ATTY. ECHAUS:** Magandang araw po, Secretary Martin, USec. Rocky at sa lahat ng tagapakinig ngayong umaga. Maraming salamat sa pag-imbita muli sa programa ninyo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, unahin ko na lang po muna iyong mga tanong ng ating kasamahan sa media.

**ATTY. ECHAUS:** Sige po.

**USEC. IGNACIO:** Ang tanong po ni Arianne Merez ng ABS-CBN: What is the DICT's assessment of the StaySafe app? Is the StaySafe app fit for contact tracing in the Philippines and why?

**ATTY. ECHAUS:** Sa ngayon po, pinag-aaralan pa po iyon. For that app po, I believe it was—sa IATF po iyon, it was a collaborative effort of all the agencies, so we have to defer to their guidance and directive po.

On our part, I believe may part na dumaan sa Cyber Security Bureau namin iyon tapos pinag-aaralan naman iyan and may results. We're just deferring to anong sasabihin po ng IATF po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Liza Reyes ng ABS-CBN: On the issue of PLDT, Globe, bakit po walang cell sites sa mga local telcos natin sa Pag-asa Island? Did the Philippine Government ask these telcos to set-up there?

**ATTY. ECHAUS:** Sa ngayon po, we are in coordination also with the NTC, National Telecommunications Commission. May direktiba po ang DICT po sa kanila to actually ensure sufficient bandwidth po nitong pandemya po. Tapos itong NTC po ay nag-direct din sa mga mobile network operators or telcos at sa mga internet service providers na magbigay ng business continuity plan po sa kanila para mapag-aralan at magbigay ng sufficient bandwidth po para ma-address po ang mga connectivity concerns po. So, ngayon pinag-aaralan pa po lahat iyon ng NTC.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Atty., kumusta naman daw po ang status ng inyong proyekto na free Wi-Fi for all? Ano ba ang gagawing adjustment ng inyong ahensya para naman po matugunan ang pangangailangan ng maraming guro at mag-aaral para po iyan online classes o blended learning na iminumungkahi ng DepEd po?

**ATTY. ECHAUS:** Yes po. Sa ngayon po, patuloy pa rin ang pag-install natin ng mga free Wi-Fi sa iba't-ibang parte ng bansa, so this is in accordance po with Republic Act 10929 o ang Free Internet Access in Public Places. So, naglalagay po tayo ng mga internet access points sa iba't-ibang public places lalo na sa mga underserved and unserved areas. Kasama po dito ang mga government-designated quarantine centers, hospitals, head facilities, at siyempre sa mga paaralan.

Sa ngayon po, ang DICT is in a close coordination with the Department of Education at sa Commission on Higher Education para ma-accelerate at ma-fast-track itong mga free Wi-Fi sites natin.

Nag-issue po ng direktiba ang ating Kalihim na si Sec. Gregorio Honasan sa ating free Wi-Fi team, sa mga directors, at saka mga regional clusters na mag-coordinate po sa DepEd at saka

CHED para mapabilis ang installation and deployment ng free Wi-Fi. Magda [signal cut] sa public schools at 1,804 live sites naman sa state universities at TESDA institutions bago matapos itong taon.

So, for updates on sites po, puwede namang i-visit iyong DICT social media pages at saka websites at saka iyong freepublicwifi.gov.ph po para sa updated list.

**SEC. ANDANAR:** Tuwing buwan ng June ay ipinagdiriwang natin ang National ICT Month. Kaugnay niyan may mga inihahanda bang programa o online activities ang DICT para dito?

**ATTY. ECHAUS:** Yes po. Tuloy-tuloy pa rin ang mga programa po natin sa departamento po. So, sa ngayong ICT month po, maliban po sa mga provisioning ng mga internet connectivity para sa mga eskuwelahan, nag-issue din ng direktiba ang ating Kalihim sa ating ICT Literacy Development Bureau, sa Cyber Security Bureau at sa mga regional offices na magsagawa ng mga online trainings po in the capacitating and upscaling the ICT competencies of the mga guro po natin.

So, makakatulong po ito upang maihanda ang mga guro natin sa pagbabagong dala ng new normal sa education center. So, may mga training po tayong ginagawa ng online learning management system; mga video conferencing platforms; at saka in using online educational resources.

So, itong ICT month po, ang ating mga DICT regional clusters ay nagsasagawa ng month-long free webinars sa ating mga guro at sa general public. Marami silang matututunan dito kagaya ng paggamit ng ICT tools and solutions para sa digital or virtual education. Mayroon din po sa cyber security at saka data privacy.

So, hinihikayat namin ang mga guro, mga estudyante at saka general public na makilahok sa aming mga webinars. Libre po ito at saka puwede ninyo lang puntahan ang aming official DICT Facebook page.

**SEC. ANDANAR:** Kamakailan ay nag-release ng guidelines ang DICT for the Common Tower Policy. Maaari ninyo po bang ipaliwanag ang mga polisiya na nakapaloob sa nasabing guidelines?

**ATTY. ECHAUS:** Yes po, Sec. Martin. So, kamakailan lang naglabas ang DICT ng Common Tower Policy, ang tawag po dito ay Guidelines on Shared Passive Telecommunications Tower Infrastructure (Policy on Shared PTTIs).

So, dahil dito po, ma-e-encourage po natin ang growth and development ng independent tower companies (ITCs). So, ang goal po nito ay siyempre padamihin ang mga towers sa ating bansa.

So, ang isang tower po na itatayo, lahat po ng mga telcos or MNOs (Mobile Network Operators) makikikabit na lang doon ng equipment nila. So, dahil dito po mas makakatipid ang ating mga telcos sa kanilang paggastos ng capital expense kasi mababawasan po gastos sa pagtayo ng kanilang mga tore.

So, inaasahan po natin na mada-divert nila ang pondo nila para sa pagpapalawig ng coverage nila at mapapabuti ang quality ng serbisyo. Inaasahan natin mas mami-meet nila ngayon ang current and future demands ng connectivity.

So, dahil dito sa Common Tower Policy na ito or Shared PTTI Policy, makaka-develop tayo ng bagong sektor para dito sa mga ITCs. Siyempre, since may bagong sektor, kailangan din nating i-regulate kaya tayo naglabas ng guidelines po.

Just a few points lang po sa guidelines, dito po ang mga ITCs ay kailangang mag-register sa DICT. So, rerebyuhin po namin iyong application nila tapos kung qualified sila, magi-issue ang DICT ng ITC certificate of registration, so valid po ito nang five years.

Mayroon rin po, kailangan po ang qualifications po is kailangan po nila ng relevant construction experience, registration, license and financial capacity of/or equivalent to a contractor falling under Category A ng PCAB (Philippine Contractors Accreditation Board) para maka-qualify.

Gayundin po sa lahat ng private sector PTTI sharing agreements ay dapat patas po at non-exclusive. Dapat po lahat ng ino-offer ng ITCs sa telcos ay pareho ang equivalent terms, conditions, charges for co-locating or sharing in the same tower.

So, dito rin po sa polisiya rin po natin ay lahat po ng barangay, LGUs, NGAs at saka mga homeowners associations ay dapat sumunod sa maximum time period sa issuance ng permits and clearances ayon sa Republic Act 9485 o iyong Ease of Doing Business Act.

So, gayundin po inaasahan po natin na itong common tower initiative ay maging isa sa mga daan upang dumami ang investment at mas sumigla ang ekonomiya sa iba't-ibang rehiyon ng bansa dahil sa employment opportunities na hatid ng internet access at connectivity. Ito ay inaasahan natin na makakatulong sa Balik Probinsiya, Balik Pag-asa Program ng gobyerno po.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, DICT deputy spokesperson Adrian Echaus.

**ATTY. ECHAUS:** Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Sa pagkakataong ito ay makakasama na po natin ang…

Sec. Martin, nais nating batiin iyong ating mga tagasubaybay, ang DWIZ po ang sabi ni Edwin Eusebio ay naka-hook-up din sa Laging Handa, at si Eric Alonzo po bumabati from Davao City, lagi daw po silang nanonood ng Laging Handa. Marami pong salamat sa inyo.

**SEC. ANDANAR:** Nabanggit mo iyon. Ang dami tuloy nag-text sa akin. O, heto, iyong ating Radio Philippines Network (RPN), mula Batac, Baguio, Iriga, Bacolod, Cebu, Cagayan de Oro, Pagadian, Dipolog, Surigao, Zamboanga, Davao, General Santos – nakatutok din, naka-simulcast din sa atin Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo, mayroon din tayong—

**SEC. ANDANAR:** Ang dami pa. Si—Ano pa? Mayroon pang..?

**USEC. IGNACIO:** Mayroon din po namang nagsasabi sa atin na iyon daw pong Energy FM sa bahaging ito ng—ay naka-hook-up din sa atin at mga regional po ito, FM, ay nagsasabing kumusta kayo at sila po ay naka-hook-up pa rin sa atin, Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Energy FM at Yes FM. Sa lahat ng FM stations kasama ang Magnum FM.

Sa puntong ito makakausap naman natin si Marawi Mayor Majul Gandamra. Magandang umaga po sa inyo, Mayor. It's good to see you again.

**MAYOR GANDAMRA:** Magandang umaga po, Secretary Martin and of course Usec. Rocky Ignacio. Magandang umaga po sa ating lahat.

**SEC. ANDANAR:** Mayor, may naitalang walong nagpositibo sa COVID-19 diyan po sa Marawi mula sa Hatid Tulong Program. Sa ngayon eh kumusta na po ba ang lagay nila at ano iyong assistance na ipinapaabot ng LGU para sa kanila?

**USEC. IGNACIO:** Secretary, mukhang nagkaroon ng pangyayari sa ating linya ng komunikasyon. Aantabayanan natin kung maya-maya ay makakasama natin si Mayor Gandamra at mamaya nga po, katulad ng nasabi kanina ni NHA General Manager Escalada, ay temporary po na sinu-suspend muna iyong ating pagpapatupad ng Balik Probinsiya Bagong Pag-asa Program, Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Oo nga. Napakahalaga ng magiging panayam natin kay mayor ng Marawi sana eh, kaso wala tayong magagawa dahil ang linya ng ating komunikasyon ay mahina.

Samantala, anong susunod natin—mayroon ba tayong makakapanayam after this, mayroon ba tayong update na puwedeng—

**USEC. IGNACIO:** Yes. Secretary, para naman po makibalita sa pinakahuling update sa probinsiya ng Lanao del Sur, makakausap po natin si Lanao del Sur Gov. Mamintal Alonto Adiong Jr. Magandang araw po, Governor.

**GOV. ADIONG:** Magandang araw naman.

**USEC. IGNACIO:** Governor, dahil po—

**GOV. ADIONG:** Walang naririnig...

**USEC. IGNACIO:** Yes, Governor. Dahil po sa magandang response ng inyong probinsiya sa kabila ng banta ng COVID-19 ay sa ngayon isa po kayo doon sa nananatiling may pinakamababang naitatala po ng kaso. As of today, ano na po ba ang bilang ng nagpositibo sa inyong probinsiya?

**GOV. ADIONG:** Sa ngayon, as of today, we have 21 confirmed cases ngayon lang. Ngayong umaga pumasok iyong pito, a total of 21 confirmed cases.

**SEC. ANDANAR:** Governor, ano ba ang ilan lamang sa mga istratehiya na talaga namang ipinagmamalaki ng Lanao del Sur sa pag-prevent ng pagkalat ng virus na ito?

**GOV. ADIONG:** Actually po, iyong mga ipinatutupad natin iyong EO ng National IATF, iyong first sa March 16 kung saan nagkaroon ng Enhanced Community Quarantine. Ipinaalam natin sa ating mga kababayan na sa nangyayari ngayon sa pandemic na ito, hindi ho muna puwedeng lumabas, doon lang po muna tayo sa bahay at magsuot po ng mask all the time, then maghugas ng kamay at iyong mga kababayan naman po natin ay sumusunod sa mga EO ng IATF-Lanao del Sur.

At sa ngayon po iyong mga inumpisahan natin, iyong quarantine facility natin ngayon sa Marawi City kung saan ngayon iyong mga dumarating na mga stranded galing sa Manila nandiyan po sila lahat. Kaya gusto ko lang pong linawin na hindi po natin pinipigilan na pauwiin ang ating mga kababayan. Gusto lang po natin i-regulate, gusto lang po namin na—ang apela namin sa national government ay magkaroon ng RT-PCR diyan sa Manila bago po sila pauuwiin.

At dito po pagdating po nila sa airport at sa pantalan natin, mayroon na pong naka-standby na mga sasakyan para sunduin sila at ididiretso po sila sa provincial community quarantine para i-check po. Then iyong magpo-positive po sa rapid test eh, pupunta po iyong Amai Pakpak Medical Center, iyong personnel po nila para mag-swab test po.

At ngayon po, from June 7 up to the present ay mayroon po tayong 21 cases – confirmed cases.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, pag-usapan naman po natin iyong government efforts po na ginagawa ninyo para sa rehabilitasyon ng Marawi. Anu-ano po ba iyong mga kasalukuyang projects kaugnay diyan? Naibalik na rin po ba iyong masjid na nasira noong Marawi siege?

**GOV. ADIONG:** Puwede pong ulitin? Hindi ko po masyado naintindihan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kumusta na po iyong rehabilitasyon ng Marawi ngayon?

**GOV. ADIONG:** Okay naman po ngayon. Lahat po ng construction sa rehabilitasyon ng Marawi nag-umpisa na po. Medyo matagal po kasi ito pong pandemyang ito, ito po ay nagdulot ng problema sa lahat ng ating mga manggagawa na nanggagaling sa Iligan at Cagayan de Oro at medyo iyong mga pabahay po natin nag-start na po tayo, tinatapos po natin, hinahabol po natin iyong deadline ng mga housing na ito.

At mayroon pong ongoing ngayon, iyong Trans-Central Road outside MAA, ibig sabihin po, outside ng apektado sa Marawi City. Ito po ay umaabot na tayo ng—mayroon tayong percentage na about 60 – 70% itong tatlong package na ito na ongoing ngayon sa Marawi City.

And before December po ngayong taon matatapos po itong Trans-Central Road dito sa labas ng MAA.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, kunin ko na lang po iyong mensahe ninyo sa inyong mga kababayan, Governor.

**GOV. ADIONG:** Gusto ko pong ipaabot sa aking mga kababayan, lalung-lalo na sa lahat ng gustong umuwi sa Lanao del Sur at panawagan po namin sa national government na bago po sila umuwi eh padaanin po sila sa RT-PCR para po pagdating nila dito sigurado po tayo na wala po silang mahahawaan.

And dito naman po sa aking mga kababayan na nandito ngayon sa Marawi City and Lanao del Sur, kung wala po tayong lalabasan sa ating mga lugar, sa bahay na lang po tayo, mag-standby na po lang muna tayo sa bahay at kung hindi maiiwasan na lumabas para bumili ng pagkain, magsuot po tayo ng face mask at mag-observe ng social distancing about 1.5 meters.

Sana po, ang aking mga kababayan sumunod po sila sa lahat ng EO na ilalabas ng national IATF at ng lokal na pamahalaan ng Lanao del Sur. At gusto po nating ipaabot sa ating mahal na Presidente ang taos-pusong pasasalamat natin sa Balik Probinsiya at sa ating Sen. Bong Go sa lahat ng tulong na naipaabot sa Lanao del Sur at Marawi City.

Maraming salamat po...

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat sa inyong panahon, Lanao del Sur Governor Mamintal Alonto Adiong, Jr. Mabuhay po kayo. Stay safe, Governor.

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito ay makakasama natin muli si Mayor Majul Gandamra ng Marawi. Magandang umaga po sa inyong muli, sir.

**MAYOR GANDAMRA:** Magandang umaga po Secretary Martin at Ma'am Usec. Rocky Ignacio po. Magandang umaga.

**SEC. ANDANAR:** May naitalang walong nagpositibo sa COVID-19 sa Marawi mula noong nagkaroon po tayo ng Hatid Tulong Program. Sa ngayon kumusta na po ang lagay nila, Mayor?

**MAYOR GANDAMRA:** Sa ngayon po ay nasa quarantine facility muna iyong mga nagpositibo ng virus na ito, nasa quarantine facility po [garbled]. At ito po ay nadagdagan, kahapon po mayroon din pong nagpositibo sa virus [garbled] at ngayong araw po ay nadagdagan nang dalawa. Bale we have [garbled] constituents from Marawi City [garbled] of this virus. Iyan po ay [garbled] asymptomatic and ang ating mga healthworkers ay ina-address po ang kanilang mga pangangailangan including food [garbled] and [gabled] ang mga medisina na dapat nilang kailangan po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayor kaugnay diyan, ano po ba iyong protocol na kanilang pinagdadaanan at gaano po kahanda pagdating sa test kits, facilities at iba pang medical supplies para sa umuuwi nating kababayan diyan po sa Marawi City?

**MAYOR GANDAMRA:** Well kagaya po ng sinabi ng ating Gobernador, ang amin pong community quarantine facility ay equipped po ng mga testing facility, isa doon ho iyong ating

mga rapid testing. And then nandoon din po ang ating mga health practitioners na kung saan inaalagaan nila ang ating mga constituents na nandoon po sa ating quarantine facility.

Iyong mga nagnegatibo po, they were advised to go home but they will be isolated sa kanilang mga bahay kung saan tsini-check din po ng ating city health officer na ito po ay safe isolation.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayor, hindi pa man po tuluyang nakakabangon ang ating mga kababayan mula po sa nangyaring Marawi siege, dumating naman po itong COVID-19 pandemic. Gaano ba kahirap ang inyong pinagdadaanan ngayon sa inyong probinsya at ano po iyong mensahe ninyo sa inyong mga kababayan pati na rin po sa pamahalaan?

**MAYOR GANDAMRA:** Ako po ay nagpapasalamat sa agarang suporta ng ating national government. In fact iyong [gabled] through the initiative of Senator Bong Go and of course our President ay talagang malaking tulong po ang naibigay sa ating mga constituents during the Enhanced Community Quarantine and eventually General Community Quarantine na kung saan ito po ay nakatulong sa ating mga constituents in terms of giving food provisions and other medical assistance.

Ito naman pong pagdating ng pandemyang ito ay talagang mas nagpapahirap po sa atin dahil ho… because of the siege that took place here in Marawi City ay talaga pong right now ay hindi pa naman po totally nakabangon at ito naman pong pandemya na ito ay isang pagsubok muli sa ating mga kababayan dito sa Lanao del Sur and Marawi City. But I believe that Maranaos are resilient people at handa po namin lagpasan ang mga pagsubok na ito, of course sa tulong ng ating national government [garbled] na tumutulong po sa atin dito sa Marawi City.

And [garbled] regarding doon sa mga pinapauwi po dito sa amin sa Lanao del Sur and Marawi City na sana po iyong programang Hatid Tulong ay iyong mga kaniya-kaniyang local government kung saan iyon ang point of origin po ng ating mga constituents ay magtulungan ho kami na bago po pauwiin ang ating mga constituents dito ho sa Lanao del Sur and Marawi City ay dumaan ho sila sa testing at the minimum, iyong rapid testing po [garbled] sa ating sinasabing PCR testing nang sa ganoon hindi ho kami ma-overwhelm dito. Kagaya po ng nangyari na we have more than 20 positive cases of coronavirus.

So iyan po ang aming apela sa ating partners, ang iba't ibang local government units kung saan nanggaling ang ating mga constituents.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayor, kami po ay kaisa ninyo at kumusta po sa ating mga kababayan sa Marawi City. Maraming salamat po sa inyong panahon, Mayor Gandamra.

**MAYOR GANDAMRA:** Maraming salamat po, ma'am. Maraming salamat.

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito, dumako naman tayo sa pinakahuling ulat mula sa iba't ibang lalawigan sa bansa. Mula sa Philippine Broadcasting Service, makakasama natin si Czarinah Lusuegro.

[NEWS REPORT]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Czarinah Lusuegro.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, bago tayo magpaalam ay nais nating batiin si Bombo Elmar Acol, News Director; kasama rin po sina Bombo Dennis, Sol Marquez, Nessa Mercado, Annalyn Soberano, Gerald, Bam Orpilla(?) araw-araw po silang naka-monitor sa atin; at ganoon na rin kay Reymund Tinaza ng Bombo Radyo.

At iyan nga po ang mahahalagang impormasyon na aming nakalap ngayong araw. Muli, maraming salamat po sa mga nakausap natin sa inyong paglalaan ng oras para sa programa.

**SEC. ANDANAR:** 'Ayan ha Reymund, basta radyo, Bombo. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health, kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas, KBP. Maraming salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19. Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** At mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Magkita-kita po tayo bukas dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)